




Welcome!

Maghanda na tayo upang **magpa-screen** para sa kanser sa kolon kasama ako, ang Cologuard®



Pagsulyap sa nilalaman:

- ┌ Ang kahalagahan ng pag-screen
- ┌ Tungkol sa Cologuard
- ┌ Mga nakatutulong na payo
- ┌ Paggamit at pagbalik ng iyong collection kit
- ┌ Pag-unawa sa iyong mga resulta

Ang Cologuard ay nilalayong mag-screen ng mga nasa hustong gulang na may edad na 45 at higit pa na may katamtamang panganib na magkaroon ng kanser sa kolon. Rx lamang. Mangyaring tingnan ang mahalagang impormasyon sa panganib sa likod ng brochure.

Bakit dapat **mag-screen** para sa kanser sa kolon?

Makakagawa ng malaking kaibahan ang regular at nasa oras na pag-screen

- Kapag natuklasan sa maaagang yugto, mas nagagamot ito sa 90% ng mga tao*¹
- Ang pag-screen ay isang mahalagang hakbang sa pagtuklas ng kanser sa kolon sa mga nasa hustong gulang na may edad 45 at higit pa²

*Batay sa dami ng taong buhay pa rin pagkalipas ng 5-taon na pagkakaligtas o survival.

MGA SANGGUNIAN

1. National Cancer Institute. SEER cancer stat facts: colorectal cancer. <https://seer.cancer.gov/statfacts/html/colorect.html>. Na-access noong Pebrero 5, 2020.
2. American Cancer Society Can colorectal cancer be prevented? <https://www.cancer.org/cancer/colon-rectal-cancer/causes-risks-prevention/prevention.html>. Huling nirebisa: Mayo 30, 2018. Na-access noong Pebrero 3, 2020.


Paparating na ang iyong Cologuard **kit**

Magaling! Nagpasiya ka at ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan na magpa-screen para sa kanser sa kolon gamit ang Cologuard— isang opsiyong epektibo at hindi kinakailangang ipasok sa katawan (noninvasive)

Kapag naihatid na ang Cologuard kit sa iyong bahay:

- ┌ Buksan ito kaagad at tingnan kung ano ang nasa loob
- ┌ Ilagay ang iyong Cologuard kit sa banyo, para maalala mong gamitin ito kaagad
- ┌ Basahin ang mga nakalakisap na tagubilin
- ┌ Gamitin ang iyong Cologuard kit para magbigay ng sample ng dumi sa lalong madaling panahon na kaya mo

Mangyaring tingnan ang mahalagang impormasyon sa panganib sa likod ng brochure.



Makakatulong ako!

I-scan para panoorin ang video sa Paggamit sa CologuardTest.com/use

Ang Cologuard ay epektibo

Natutuklasan nito ang mga nabagong DNA at dugo sa iyong dumi para makatulong na mahanap ang kanser sa kolon



Nahahanap ng Cologuard ang 92% ng mga kanser kahit sa maaagang yugto¹

Ang paggana ng Cologuard sa mga nasa hustong gulang na may edad na 45-49 ay tinataya batay sa malaking klinikal na pag-aaral ng mga pasyenteng may edad 50 at higit pa. Sa klinikal na pag-aaral na ito, nakatanggap ang 13% ng mga taong walang kanser ng positibong resulta (hindi totoong positibo) at nakatanggap ang 8% ng mga taong may kanser ng negatibong resulta (hindi totoong negatibo).

Mangyaring tingnan ang mahalagang impormasyon sa panganib sa likod ng brochure.


SANGGUNIAN

1. Imperiale TF, Ransohoff DF, Itzkowitz SH, et al. Multitarget stool DNA testing for colorectal-cancer screening. *N Engl J Med.* 2014;370(14):1287-1297.

Ang Cologuard ay nakakaginhawa

Ang Cologuard ay hindi ipinapasok sa katawan at madaling gamitin. Ang galing, hindi ba?

- Walang espesyal na paghahanda. Hindi kailangang lumiban sa trabaho. Walang pagbabago sa iyong diyeta o paggamot
- Hinahatid sa iyong bahay
- Pribado kang makakokolekta ng sample ng dumi mo sa iyong sariling tahanan



Huwag maghintay!
Mag-screen agad pagkakuha mo ng iyong Cologuard kit

Mga nakatutulong na tip bago ka magsimula



Itabi ang kahon

Gagamitin mo ito para ipadala pabalik ang iyong sample. Kaya huwag ito itapon!

Hayaang nasa loob ang panloob na bag

Nakakatulong ito para maiwasan ang pagtagas kapag ipinadala mo na pabalik ang iyong sample. Mangyaring huwag itong alisin

Tingnan ang iyong kalendaryo

Bago ka magsimula, tiyaking maipapadala mo ang iyong sample sa loob ng 24 na oras mula sa pagkolekta para magbigay ng sapat na oras sa paghahatid. Kaya tiyaking hindi maaantala ang iyong pagpapadala dahil araw ng Linggo o ng holiday

Masama ang pakiramdan?

Huwag kolektahin ang iyong sample kung nagkaroon ka ng pagtatae o dugo sa iyong ihi o dumi (halimbawa, mula sa pagdurugo, mga hemorrhoid, hiwa o sugat sa mga kamay, o pagrereglá)



Tawagan Kami!

Available ang tulong nang 24/7 sa
1-844-870-8870

Paano gamitin ang iyong Cologuard kit



1

Tanggapin at buksan ang iyong Cologuard kit. Suriin at gamitin bago ang petsa ng pagkawala ng bisa



2

Ilagay ang lalagyan ng iyong sample sa bracket sa inidoro



3

Gamitin ang iyong Cologuard kit para kolektahin ang iyong sample



4

Kayurin ang iyong sample, at ilagay ang lahat ng preservative sa lalagyan ng sample

Ano ang nasa loob? Ang lahat ng kailangan mo.



Kahon sa pagpapadala



Tube



Likidong preservative



Lalagyan ng sample



Bracket



Mga tagubilin ng Gabay sa Pasyente



Mga label ng sample




Madali akong gamitin!
I-scan para panoorin ang video sa Paggamit, o bumisita sa CologuardTest.com/use



Ano ang **gagawin**
kapag tapos ka na

- ✓ Ipadala ang iyong kahon pabalik sa Exact Sciences Laboratories **sa loob ng 24 na oras**
- ✓ Gamitin ang bayad nang label ng UPS sa kit
- ✓ Ihatid ang iyong sample sa isang lokasyon ng UPS o tumawag sa UPS o Customer Care Center ng Exact Sciences Laboratories para magpa-iskedyul ng pick up
- ✓ Maging maganda sana ang iyong araw!



Mga resulta sa 2 linggo!
Awtomatikong ipapadala ang mga resulta sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Ayos.

Pag-unawa sa iyong mga **resulta**

Makikipag-ugnayan sa iyo ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan nang may mga resulta ng iyong pag-screen–karaniwang **sa loob ng 2 linggo**

+ **Positibong resulta**

Natuklasan ng pagsusuri ang nabagong DNA at/o dugo na maaaring sanhi ng precancerous na polyp o kanser sa kolon.

Dapat matalakay ang anumang positibong resulta kasama ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan at masundan ng isang diyagnostikong colonoscopy.

Nagkakaroon ng mga hindi totoong positibo. Nangyayari ang resultang hindi totoong positibo kapag nagpapakita ang Cologuard ng positibong resulta, kahit na hindi makakakita ng kanser o precancerous na mga polyp sa colonoscopy.

— **Negatibong resulta**

Hindi nakatuklas ang pagsusuri ng nabagong DNA at/o dugo na maaaring sanhi ng precancerous na polyp o kanser sa kolon.

Nagkakaroon ng mga hindi totoong negatibo. Nangyayari ang resultang hindi totoong negatibo kapag ang Cologuard ay walang natuklasang precancerous na polyp o kanser sa kolon kahit na tinutukoy ng colonoscopy ang positibong resulta.

Inirerekomenda ng American Cancer Society ang pagitan ng pag-screen na **kada 3 taon** gamit ang Cologuard pagkatapos ng isang negatibong resulta¹

SANGGUNIAN


1. Wolf AMD, Fontham ETH, Church TR, et al. Colorectal cancer screening for average-risk adults: 2018 guideline update from the American Cancer Society. *CA Cancer J Clin.* 2018;68(4):250-281.



Karamihan
ng mga
pasyenteng
may
insurance ay
nagbabayad
ng \$0*

Ang Cologuard ay **saklaw**
ng Medicare at karamihan
ng mga pangunahing
tagapagkaloob ng
insurance.

Sa buong bansa, higit sa 94% ng mga pasyente ng Cologuard ang walang ginagastos mula sa sariling balsa para sa pag-screen.*



May mga tanong tungkol sa saklaw?

Makakatulong ang aming pangkat ng mga espesyalista:
tumawag sa **1-844-870-8870** o bumisita sa
CologuardTest.com/insurance

*Magkakaiba ang rate ng saklaw ayon sa estado at rehiyon. Nalalapat lamang ang rate ng saklaw sa populasyon ng pag-screen gamit ang Cologuard.

Gawin natin ito!

- ┌ Kasama sa iyong Cologuard kit ang mga kumpletong tagubilin
- ┌ Available ang video sa Paggamit kapag kailangan mo ito sa CologuardTest.com/use
- ┌ Narito kami para tumulong nang 24/7. Kaya tumawag sa amin sa **1-844-870-8870**
- ┌ Maaari ding i-download ang gabay na ito sa ibang mga wika sa CologuardTest.com/WelcomeGuide



Ang Cologuard ay nilalayong mag-screen ng mga nasa hustong gulang na may edad na 45 at higit pa na may katamtamang panganib na magkaroon ng kanser sa kolon sa pamamagitan ng pagtuklas sa mga partikular na marker ng DNA at dugo sa dumi. Huwag itong gamitin kung nagkaroon ka ng mga adenoma, kung mayroon kang inflammatory bowel disease (sakit sa pamamaga ng bituka) at ilang mga namamanang syndrome, o kung mayroon kang kasaysayan o mayroong kasaysayan ang pamilya mo ng pagkakaroon ng kanser sa kolon. Ang Cologuard ay hindi isang pamalit para sa colonoscopy sa mga pasyenteng may mataas na panganib na magkasakit. Ang paggana ng Cologuard sa mga nasa hustong gulang na may edad na 45-49 ay tinataya batay sa malaking klinikal na pag-aaral ng mga pasyenteng may edad 50 at higit pa. Hindi pa nasusuri ang paggana ng Cologuard sa inulit na pagsusuri.

Dapat bigyan ng kahulugan ang resulta ng pagsusuri ng Cologuard nang may pag-iingat. Ang positibong resulta ng pagsusuri ay hindi kumukumpirma sa pagkakaroon ng kanser. Dapat i-refer para sa diyagnostikong colonoscopy ang mga pasyenteng may positibong resulta ng pagsusuri. Ang negatibong resulta ng pagsusuri ay hindi kumukumpirma sa kawalan ng kanser. Dapat talakayin ng mga pasyenteng may negatibong resulta ng pagsusuri sa kanilang doktor kung kailan nila kailangang masuri muli. Maaaring magkaroon ng mga resultang hindi totoong positibo o hindi totoong negatibo. Sa isang klinikal na pag-aaral, nakatanggap ang 13% ng mga taong walang kanser ng positibong resulta (hindi totoong positibo) at nakatanggap ang 8% ng mga taong may kanser ng negatibong resulta (hindi totoong negatibo). Rx lamang.

**EXACT
SCIENCES**

EXACT SCIENCES CORPORATION 441 Charmany Drive, Madison, WI 53719
www.ExactSciences.com | www.ExactLabs.com | 1-844-870-8870

Ang Cologuard ay isang rehistradong trademark ng Exact Sciences Corporation.
©2020 Exact Sciences Corporation. Nakalaan ang lahat ng karapatan. US.CG.2862-1-Pebrero 2020

 **cologuard**[®]
Rx only